

**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**  
**News and Information Bureau**

**PRESS BRIEFING WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE**  
**August 3, 2020 / 12:03 – 1:31 P.M.**

**SEC. ROQUE:** Narito po kami ngayon sa Will Tower kung saan natin ginagawa ang ating press briefing habang naka-isolation pa po ang karamihan ng RTVM at habang nasa skeleton force po ang PTV 4.

Nagpapasalamat po kami kay Kuya Willy Revillame, sa Channel 7 at sa skeleton force ng PTV 4, dahil natuloy po ang ating press briefing bagama't ang COVID-19 po ay naririto sa ating bayan.

Uumpisahan po natin ang ating press briefing sa Talk to the People Address ng ating Pangulo Rodrigo Roa Duterte kagabi. Ito po ang ilang mga salient points na kanyang sinabi kahapon:

Una, inanunsyo ni Presidente ang muling pagpapasailalim sa Metro Manila, mga probinsya ng Laguna, Cavite, Rizal at Bulacan sa Modified Enhanced Community Quarantine or MECQ.

Makakasama ko din natin mamaya ang dalawang eksperto mula sa Pamantasan ng Pilipinas, si Professor Ranjit Rye at si Professor Lito David para pag-usapan ang UP projection based on the current trends. Mahalaga po na alamin natin para maipaliwanag natin sa ating mga kababayan kung bakit tayo nag-MECQ.

Makakasama din po natin maya-maya lamang si DOH Usec. Vergeire, para naman sabihin kung ano ang mabuting maidudulot ng MECQ sa ating hospital at healthcare. At mamaya din po kasama natin ang ating Treatment Czar, si DOH Usec. Vega para pag-usapan ang ating mga hospital capacity. Makakasama po natin sila siyempre subject to availability of signal.

Nabanggit din po kahapon ng ating Presidente, bilang pangalawa, ang pagkuha ng additional health workers para ma-augment ang current workforce kasama na rito ang pagkuha ng 10,000 medical professionals at ang pagtawag sa active duty ng mga reservists. Manggagaling itong mga medical professionals na ito sa mga karatig probinsya na mababa po ang kaso ng COVID-19.

Pangatlo, ang pagbibigay ng karagdagang benepisyo tulad ng risk allowance para sa healthcare workers na nasa pribadong sektor na nangangalaga ng mga pasyenteng may COVID-19. Ang sabi po ng Presidente hanggang 15,000 sa bawat healthcare worker na magkakasakit, magkakaroon din po sila ng libreng life insurance, libreng tirahan, libreng sakay at madalas na pagte-test.

Puntahan naman po natin ang libreng transportasyon sa ating mga healthworkers, tuluy-tuloy pa rin ang DOTr sa kanilang programang 'free rides for healthcare workers and

medical frontliners.’ At makikita ngayon po sa live online ang actual lokasyon ng mga bumibiyaheng buses ng DOTr free ride for health workers program sa NCR greater Manila area.

Oo nga pala po, ang MECQ ay epektibo mamayang 12:01 ng madaling araw, a-kuwatro ng Agosto.

Ito po ang ilan sa mga lokasyon ng mga bus units. May linya po sa Meralco, may linya po sa Valenzuela Gateway, mayroon pong linya sa SM City San Jose del Monte, mayroon po sa SM Masinag, mayroon po sa Ortigas Hospital, mayroon po sa MRT 3, Cubao, Pasig City General Hospital, Medical City Ortigas, Starmall Alabang, Vista Mall-Daang Hari, RITM papuntang Star Mall, Star Mall Alabang papuntang Manila Doctor’s Hospital; Dasmariñas-Pala-Pala papuntang Manila Doctors Hospital; Star Mall Alabang papuntang Sea Oil, Imus, Daang-Hari; SM City Taytay papuntang St. Lukes’ Medical Center, Quezon City; SLEX Sucat Exit papuntang Philippine General Hospital; MRT3 Cubao papuntang Philippine General Hospital; SM City San Jose Del Monte papuntang SM Fairview; LRT 1 Monumento papuntang Baclaran Market; First Cubuyao Hospital and Medical Center papuntang Star Mall Alabang.

Pang-apat, inaprubahan din po ng Presidente ang rekomendasyon na muling mag-isyu ng work at quarantine passes para malimitahan po ang paggalaw ng ating mga kababayan. Dahil sa nasa ilalim na naman po tayo ng MECQ mula hatinggabi mamaya, lahat po tayo frontliners, stay at home, maliban po sa mga taong may essential work.

Pang-lima, ang Local Government Units at COVID-19 Code Teams ay inatasan na paigtingin ang localized lockdown strategy at ang pagpapatupad ng malawakan na Oplan Kalinga. Mas magbibigay po ng detalye tungkol dito si ating National Task Force Chief Implementer Secretary Galvez na makakasama din po natin ngayon if signal permits.

Habang mahigpit na pinapatupad ang minimum health standards at pamimigay po ng 20 milyong face mask sa mga mahihirap - ito po iyong pang-anim na inanunsyo ng ating Presidente.

At panghuli at pang-pito, gagamitin po natin ang RT-PCR testing bilang gold standard para po sa ating anti-COVID-19 based testing.

Now, dahil po tayo nasa MECQ muli, simula mamayang hatinggabi balikan po natin sandali ang puwede at hindi pupuwede sa MECQ:

Sa MECQ 100% na homeliners tayong muli, stay at home kung pupuwede po. Bawal po lumabas lalung-lalo na ang kabataan, ang seniors, except para kumuha ng mga essentials at para magtrabaho sa mga opisina, istablisyemento na pinapayagan.

Pinapayagan din sa MECQ ang individual outdoor exercises tulad ng walking, jogging, running or biking.

Bawal po muli ang mga mass gatherings, liban na lamang po sa mga critical government services and authorized humanitarian activities. Hanggang limang katao po ang pinapayagan sa mga religious gatherings

Sarado pa rin po ang mga eskuwelahan, wala pong face to face classes.

Wala rin po tayong muling public transportation sa MECQ, sarado po ang MRT, LRT simula mamayang hatinggabi. Wala pa rin tayong bus na mga sasakyan. Ang tanging papayagang bumiyaha na pampublikong transportasyon ay, una, shuttle services ng mga pribadong kumpanya. Pangalawa, P-to-P transport services na magbibigay ng prayoridad sa mga healthcare workers.

Kaya hinihikayat po ng LTFRB ang mga kumpanya na mag-hire o mag-lease ng mga pampublikong sasakyan gaya ng mga jeepneys, buses at UV express na hindi makakabiyaha ngayong MECQ para gamiting bilang mga shuttle services; bibigyan sila ng prayoridad ng LTFRB.

Ang mga pribadong sasakyan puwede po ang company shuttle, personal na sasakyan, bisikleta, motorsiklo at scooters.

Bawal pong muli ang back riding, isang tao lang po ang pupuwedeng sumakay sa motorsiklo, huwag na po ninyong gamitin ang inyong shields, dahil pang-isang tao lang iyan.

At siyempre po sa MECQ wala pa rin po tayong domestic flight at limitado po ang ating international flights. Wala po tayong inter-island travel.

Babasahin ko po ang mga trabaho at sektor na bukas partially allowed at hindi bukas sa MECQ ayon sa guidelines ng DTI. Ang pagtaas ng bilang ng COVID-19 ay hindi lang po sa Pilipinas nararanasan—sandali lang po, kasi po—pasensiya na po kayo, we are improvising, so babasahin ko na lang po itong mga industries, wala pala pong mga slides ano.

Ang mga allowed na industries sa MECQ: agrikultura, forestry and fisheries, manufacturing of essential goods, essential retail, groceries, markets, convenience stores at drugstores, food preparation in so far as take outs and delivery services - wala po muling dine in, take out lang at delivery - water refilling stations, laundry services, public and private hospitals, logistic service providers, delivery and courier services, water supply and sanitation, repair and maintenance of machinery and equipment, telecommunications companies, energy and power companies, gasoline stations, airline and airline maintenance, pilots and crew and employees of aviation schools for purposes of pilots recurrent training.

Public and private construction projects that are essential, manufacturing companies and suppliers of equipment or products necessary to perform construction works such as cement

and steel. BPO and export oriented companies including mining and quarrying, printing presses authorized by the BIR or other appropriate agencies to print official receipts.

Media establishments po, tapos 50% sa other manufacturing gaya ng beverages, electrical machinery, wood products, wood products, furniture, non-metallic products, textiles, tobacco, paper and rubber. Mining and quarrying, electronic, commerce companies, postal and courier and delivery service for articles.

Sa Real Estate po, including parking space leasing companies, 50% po ang other real estate activities, hindi po kasama iyong bentahan, dahil hindi po tayo pupuwedeng magpa-viewing habang under MECQ.

50% din po ang other administrative and office support, allowed po ang veterinary activities, security and investigation activities, funeral and embalming activities, banks, money transfers services, pawnshops, micro finance institutions and credit cooperatives and capital markets.

Now, 50% po sa ganitong mga industriya 'no: other financial services, money exchange, insurance to insurance, legal and accounting, management and consultancy activities, architecture, engineering activities, scientific and research and development, computer programming, publishing and printing services.

50% din po ang film, music and TV production.

100% naman ang rental and leasing activities; 100% din po ang employment activities that involve recruitment and placement for permitted sectors.

50% lang po sa recruitment and placement agencies for overseas employment, 50% ang other services such as photography services, fashion and ID; 50% po sa wholesale and retail trade of motor vehicles, motorcycles bikes; 50% din po sa repair of motor vehicles, motorcycles and bicycles.

Sinabi ko na po, wala pong dine-in muli, delivery and take out; ang malls and commercial centers, mga essential lang po, bangko, supermarkets at mga drugstores.

Ito naman po iyong mga matitigil under MECQ: All other public and private construction projects na hindi po essential, barber shops and salons sarado po muli - takbo na po sa barber habang bukas pa - all other establishment offering personal care, sarado din po; gyms, fitness, studios and sports facilities, sarado; testing and tutorial centers, sarado. Review center, sarado; ang internet cafes po sarado muli.

Ang language, driving, dance, acting and voice school sarado muli; ang entertainment industries gaya po ng mga sinehan at mga teatro, sarado po muli; libraries, archives, museums and cultural centers, sarado muli; tourist destinations, sarado po muli; travel agencies, tour

operators, reservation service, sarado po. Wala din pong full body massage, wala pong tattoo and body piercing at wala pong mga live events.

So, anyway, matapos po nating makuha ang mga detalye iyong mga apektado sa MECQ, kakausapin po natin ngayon—

Pupunta muna pala tayo sa isang balita po naiulat po sa Nikkei Asian Review ‘no. Sabi po ng Nikkei Asean Review, 70% po ng buong mundo ay tumataas ang kaso ng coronavirus. So mga kababayan, Team Philippines, hindi lang po tayo ang nagre-register ng pagtaas ng mga kaso ng COVID-19; kasama po natin ang 70 ng buong daigdig. Out of 188 countries and regions, 126 experienced an upward trend, ito po ang pinakamataas na porsiyento ng pagtaas simula Abril. Dito po sa Asya at Oceana - well wala po iyong—hindi po gumagana iyong ating mga graphics pero tuluy-tuloy pa rin tayo sa ating press briefing. Lahat po ng ating mga binabasa ipo-post po natin sa ating page, kasama po itong mga graph ng Nikkei Asean Review.

Now, isa rin po sa sinasabing dahilan kung bakit tumataas ang numero ng COVID-19 hindi lang po sa Pilipinas kung hindi sa buong mundo ay dahil nga po sa pagpapaigting natin sa ating testing. Sinasabi rin na ang pagtaas ng bagong kaso ay dahil sa mga pagtipun-tipon ng mga pamilya, sa mga nasa opisina at mga nasa leisure facilities. Kaya nga po bawal ang dine-in, take out at delivery only. Hindi rin muna pupuwede po ang gym, personal healthcare services at iba pa na una kong sinabi kanina. Kaya muli na naman pong maghihigpit tayo at nagsarado ng ating ekonomiya.

Now, makikita rin po natin sa ulat po ng Nikkei na halos lahat po ng mga bansa sa daigdig ay nagkaroon din po ng mas mahihigpit na mobility restrictions ‘no. At mamaya po ipo-post natin sa ating webpage iyong mga bansa sa buong daigdig.

Ito naman po ang ating COVID updates ngayon. Suma total 35,569 na mga aktibong kaso ng COVID-19, ayon sa bulletin ng Department of Health. Mayroon pong 90.2% po ng mga kasong ito ay mild; 8.2% po ay asymptomatic; 1% y severe; at 0.7% ay kritikal.

65,557 naman po ang nai-report na gumaling habang mayroong 2,059 reported deaths po tayo. Sa actual testing na nagawa na po natin sa pamamagitan ng PCR testing, mayroon na po tayong na-test na 1.4 million na mga indibidwal.

On other matters naman po, naaprubahan po ng ating Presidente ang proposed 4.506 trillion national budget para sa taong 2021. Ito po ay naganap doon sa special meeting ng Development Budget Coordination Committee na ginanap po noong July 30, 2020. Iyong proposed 2021 budget, according to the Department of Budget and Management aims to sustain government efforts towards effectively responding to the COVID-19 pandemic by focusing government spending on improving our healthcare facilities, insuring food security, increasing investment in public and digital infrastructure and helping communities cope and prevail in this trying times with the theme, ‘We Reset, Rebound and Recover, Investing for Resiliency and Sustainability.’ Isasa-pinal po ng DBM ang National Expenditure Program at

iyong iba pang mga budget documents na kinakailangang isumite sa Kongreso bago po mapaso iyong 30-day constitutional deadline in accordance with the President's approval of the 4.506 trillion FY 2021 proposed budget.

Mayroon lang po tayong pahabol galing po sa LTFRB. Wala pong special permit na kinakailangan para po sa limited period of time ng MECQ na 14 days. So wala pong kinakailangan sa special permit para sa mga shuttle services na uupahan ng mga pribadong kumpanya para po isakay ang kanilang mga empleyado.

Okay, kasama na po muna natin ngayon - signal permitting - ay ang dalawang kasama ko po sa U.P. Professor Ranjit Rye and Professor David. Professor Rey and Professor David, are you on the line?

**PROF. RYE:** good morning Spox Harry at sa mga nanunuod.

**SEC. ROQUE:** Ano po ang forecast ninyo sa susunod na buwan ng Agosto para malaman po ng Team Philippines?

**PROF. RYE:** Iyong bagong forecast po natin ay 220,000 kung naka-GCQ lang tayo, Spox. 220,000 sa end of August kung naka-GCQ tayo. Ngayon at naka-MECQ tayo, we will save a little more than 50,000 new cases. So, malaki hong—iyon ang projection lang namin. Iyon ho ay malaking implikasyon ng MECQ.

Kung magtutulungan tayo – ang taumbayan, ang private sector at ang gobyerno, lalo na at mapaingting ang T3, mas mataas pa ang kasong mase-save natin. So, uulitin ko, 220,000 ang aming estimate projection sa August pero dahil nag-MECQ tayo, bababa between 50 to 70,000 ho ang bagsak, minus, doon sa mga bagong kaso.

So, malaki hong impact nung MECQ lalo na kung ang MECQ ay dadagdagan ng *[audio fade]*

**SEC. ROQUE:** Now, Prof. Ranjit, linawin ninyo nga po. Tama ba ho iyong ginagawa ko, hinihimok ang Team Philippines na gawin ang lahat para huwag pong magkaroon ng katotohanan iyong projection ng kung gaano karaming COVID-19 cases ang magkakaroon tayo kada buwan na ginagawa ng UP? Tama ba ho iyong paghihimok ko sa Team Philippines?

**PROF. RYE:** Tama ho iyon. Kailangan ho magtulungan tayo at himukin natin lahat ng mga kababayan natin na makipagtulungan, mag-cooperate lalo na with private sector and government para maibaba iyong transmission rate.

Para mabigyan natin ng kaunting linaw, iyong transmission rate natin, Ro ngayon natin halos nasa 1.5 na; after 15 days, babagsak ng 1 iyan, malaking bagay po iyan at iyon ang kailangan nating bantayan, iyong trend po. Kaya ho natin kung magtutulungan tayong labanan ang trend, pababain ang COVID-19 cases sa bansa.

**SEC. ROQUE:** So, kung tama po iyong ginagawa natin, hinihimok natin ang taumbayan na huwag sanang magkatotoo iyong projection niyo—kaya ba talaga na hindi magkaroon ng katuparan iyong projection ninyo?

**PROF. RYE:** Malaking bagay na ho, kayang-kaya... kayang-kaya. Malaking bagay na ho na nagdesisyon ang gobyerno kahit na napakalaki ng cost nito na mag-MECQ. Doon pa lang ho, malaki na ang impact sa Ro na kung paigtingin pa iyong T3 at sasamahan ng matinding kooperasyon ng private sector at civil society, walang kaduda-duda iyong 15 days babagsak ito to 1 at marami hong tao ang mase-save from COVID-19 lalo na iyong sa mortality. Matutulungan rin natin iyong mga health workers natin na talagang hirap na hirap ngayon.

So, sa ating mga kababayan, importante ho kung gusto nating tumulong, gusto nating mag-ambag laban sa COVID, stay at home, iyong practice ng physical distancing, pag-practice ng pagsuot ng PPEs lalo na ang mask at saka visor at paghugas ng kamay.

Kung gusto nating makatulong sa komunidad natin, gawin natin lahat ito; kung gusto nating makatulong sa mga frontliners natin, mga health workers, mga pulis natin, malaking bagay na ang stay at home.

So, let's make this MECQ work; at para sa gobyerno, sana nga mapaingting pa lalo ang testing, tracing at isolation. Iyon lang, Spox Harry, babagsak talaga ito. Kaya natin, ginawa na natin sa Cebu ito, kaya nating gawin sama-sama sa NCR at sa CALABARZON.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat, Prof. Ranjit Rye at Prof. David.

Team Philippines, narinig ninyo na po, kaya po natin na huwag magkaroon o bigyan ng katuparan ang projection ng UP. Ang projection po nila sa buwan ng Agosto, 220,000. So, gawin po natin ang lahat para po huwag umabot ng 220,000 ang mga kaso ng COVID19 matapos po ang Agosto.

Stay at home, wash your hands, wear your mask, observe social distancing. Tumawag po sa barangay at sa local government kung kayo'y asymptomatic at mild at magpahatid po kayo sa ating isolation centers.

At sa ating mga tracers, importante po ang gawain ninyo. Sabi po ni Mayor Magalong, kinakailangan kada kaso ng positibong COVID-19, kinakailangan mag-trace kayo mula 30 hanggang 37 close contacts ng mga taong nakahalubilo ng mga taong nag-test na positibo at lahat po itong 30-37 dapat po ipa-test natin for COVID-19.

So, ang susunod naman po nating panauhin ngayon, si USec. Vergeire.

Ma'am, are you in the house?

Wala pa yata si USec. Vergeire.

**USEC. VERGEIRE:** Good afternoon, Sec. Roque!

**SEC. ROQUE:** USec. Vergeire?

**SEC. ROQUE:** Magandang hapon po!

**SEC. ROQUE:** Ayun!

**USEC. VERGEIRE:** Good afternoon!

**SEC. ROQUE:** Ano po ang mga hakbang na gagawin ng ating gobyerno para mabigyan po ng timeout ang ating mga frontliners dahil pinagbigyan naman po ng Presidente ang kanilang kahilingan na timeout? Ano ang nais nating mangyari sa susunod na dalawang linggo at paano naman po natin makakamit itong ating mga goals for the next two weeks habang tayo po ay nasa ilalim ng MECQ?

The floor is yours, USec. Vergeire.

**USEC. VERGEIRE:** Yes, Secretary. Tatlong bagay lang po dito po sa naibigay natin na timeout nga. Mayroon ho unang-una, kailangan nating gumawa ng substitution team para naman makapapahinga po ang ating mga kapatid na healthcare workers dito po sa National Capital Region.

Una na po dito, may mga kasamahan po tayo sa DOH regional offices and hospitals na magpupunta po dito sa National Capital Region upang po tumulong sa [garbled]. Mag-aanunsyo din kami ng programa para sa mga private healthcare professionals natin na nasa ibang parte ng Pilipinas na gustong tumulong muna dito po sa atin.

Pangalawa po, ay ang pagpapatupad ng code. Unahan ang clusters at tuluyang durugin sa pamamagitan po ng mga localized lockdowns na ginagawa ng ating local government units. Pero mas mahalaga po na alam natin ang gagawin natin sa localized lockdowns. Gaya po ng pagsugpo natin sa polio last year, gagawin din po natin kung ano ang ginawa natin last year with polio.

Naging possible iyon dahil magkakasama po ang local na mga officials, ang DOH, mga partners natin, non-government organizations, civil society organizations, and of course, the private healthcare professionals. Ganoon din po ang gagawin natin sa COVID. Makakaasa po ang mga barangay na may mataas na kaso na kami po ay kasama ninyo sa pagbabahay-bahay [garbled] active case finding para i-check sino ang may sintomas, kailangan i-isolate o kailangang i-test. Ang protocol ay matatapos sa loob ng 14 na araw hanggang ma-lift po itong lockdown.

Pangatlo po, ay ang pagsasagawa ng bagong strategy sa laban na ito. Mamayang hapon mayroon kaming meeting kasama po ang Alliance of Healthcare Professionals at



tutulungan po nila tayo na matapos po ang recalibrated strategy sa Biyernes para po maipatupad din po natin.

Pero ang isa lang ho na gusto naming iparating sa ating mga kababayan, we're calling everybody to be the solution. It is a significant behavioral change in all areas of our life that keep us and our love ones safe. The virus will be here for a long time while organizations are working on a vaccine. In the meantime, each of one is asked to observe minimum health requirements as part of our healthy lifestyle.

These are small acts of kindness that will have a big impact on preventing the spread of COVID-19. We know that many Filipinos have been complying with these guidelines and we thank you.

So, let us use this opportunity po to spread the message further so that we can save more lives. We are calling on the members of the health sector, the non-government organizations specially those on the ground to reinforce po our efforts at the barangay level. It is po all hands on deck if we are to address this at the soonest time possible.

So, let us adopt and partner with our barangays which we think sila po talaga iyong ating dapat maging ground zero dito po sa ginagawa natin. So, let us continue to spread the word lang po and nandito po ang gobyerno, ang Kagawaran ng Kalusugan at iba-iba pa hong ahensya para tulungan po ang ating lokal [garbled], Secretary.

**SEC. ROQUE:** Well, maraming salamat, USec. Vergeire. Kasama rin po natin ngayon si National Task Force Chief Implementer Sec. Galvez at ang ating Undersecretary of the Department of Health, Dr. Vega.

So, magandang hapon po, Sec. Galvez at USec. Vega!

Siguro, unahin ko muna si Chief Implementer. Sec. Galvez, paano po natin mapapatupad iyong aking mga binasa kanina na mga bagay-bagay na pupuwede at hindi pupuwedeng gawin. Papaano po natin mapapanatili sa kani-kanilang mga tahanan ang ating mga kababayan dito sa Metro Manila, sa Laguna, sa Cavite, sa Bulacan at sa Rizal?

**SEC. GALVEZ:** Iyong ano po natin, iyong pagpatupad natin ng ating MECQ ay iyong original version po natin at mag-uusap din po tayo ng ating mga Mayors mamayang gabi at pag-uusapan po natin kung ano po iyong mga different arrangement particularly po iyong sa transportation.

Ang talagang ano natin ngayon, isa sa mga ano natin is talagang magkaroon tayo ng restriction of movement so that we can address and contain iyong increasing, seemingly increasing new cases. But we all know that ang new cases na iyan ay maganda rin ang nangyayari kasi sa contact tracing natin. So nakukuha na natin iyong talagang mga infected, first contact and we also know that more than 120 countries is also experiencing the same

experience we have experienced that the new cases are increasing because of the aggressive testing and contact tracing.

**SEC. ROQUE:** Yes, sir. Kasama rin po ninyo ata Testing Czar Vince Dizon, kung hindi ako nagkakamali?

**SEC. GALVEZ:** Opo. Kasama po natin si Sec. Vince Dizon po na kanina pa po ay nagpupulong po kanina para ayusin ang lahat ng gagawin po natin sa mga susunod na araw.

**SEC. ROQUE:** Sec. Dizon, ang tanong po ano: paano po natin pagsasamantalahan itong MECQ para lalo pa nating paigtingin itong ating testing effort po dito sa Metro Manila at apat na probinsya na nakapaligid po sa Metro Manila?

Hindi ata ako narinig ni Secretary Dizon. Secretary Dizon, ano pong mga initiatives ang gagawin ng Testing Czar natin habang ang Metro Manila at ang karatig na probinsya po ay naka-MECQ?

Anyway, si Usec. Vega na muna po. Usec. Vega paki bigyan po kami ng update kung kumusta na po ang mga hospital bed availability at ang ating critical care capacity at ano iyong mga hakbang na gagawin natin habang MECQ tayo para maparami iyong ating critical care capacity?

**ASEC. VEGA:** Ang sitwasyon po dito sa Metro Manila, nakikita natin na ang mga hospital beds lalung-lalo na ang isolation at saka wards nasa mga 80% ang occupied and sa ICU ho, medyo nasa... aabot na rin sa mga 79 to 80%.

Ang ibig sabihin nito ho, kailangan ho nating maggawa ng hakbang para ma-strengthen iyong hospital capacity. Isa dito ho iyong sinasabi na namin sa mga hospital directors na kung puwede ho iyong mga public facilities, gagawa na sila ng hakbang to increase their hospital beds to about 30 to 40% para ready po sila for any kind of eventuality kung magkakaroon ng increase in the number of patients.

Pangalawa po, ang sinasabi rin namin parati sa publiko na the best way na manage natin at ma-decongest iyong mga hospital isolation beds natin at saka wards, kung iyong mga mild, asymptomatic na positive naman ng COVID kung puwede lamang po magpa-admit na lang sila o magpa-isolate sa TTMH o sa mga designated hotels. Ito ay isang paraan na we will be able to decongest most of the hospitals.

At pangatlong hakbang po natin sa strengthening capacity is kailangan talaga nating mag-convert ng mga bahagi lalung-lalo na sa public hospitals to convert into more isolations rooms 'no, para magiging ICU. So nakikita ho namin na mga isolations rooms na puwedeng ma-convert sa Intensive Care Units kasi ito iyong kailangan talaga ay magawan ng paraan.

At iyong pangatlo po, we will have to identify talaga ngayon at the moment iyong mga hospitals na madaling tapusin, lalung-lalo na sa East Avenue Medical Center na ito po ay 96% siguro by next month, iyon din ang commitment ng DPWH sa amin na kung matapos namin ito by this third week of August, ang complete facility madali na po iyong paglagyan ng mga equipment. So ito ay makakapag-bigay ng mga 250 beds at saka mga 30 beds sa intensive care at saka malawak po ang building na ito dahil five stories. So ito iyong ina-ano namin na kung puwede naming magawa as a COVID referral center integrated dito po sa Metro Manila.

Ang pangalawa, alam naman ninyo iyong sa PGH din, nagpapagawa na din through the DPWH additional wards and isolation wards kasi kailangan din nila na matugunan ang number of patients that they have.

Ang pangatlo po, iyong sa Quirino, iyong Quirino Memorial Hospital po nakikita naman ninyo na mayroon din silang constructed building doon na iba't-iba ang phases, sa ground floor po may mga close to 90%, iyong second floor mga 85%. Ito po ay tatapusin po namin kasama iyong DPWH pati iyong contractor para ho maayos ito as one COVID facility din para dito sa area ng Quezon City. Ito ho ay malaking structure dahil makakagawa po tayo mga 50 beds na ICU at ang emergency room po nito malaki, mga 20 to 30 rooms para sa mga moderate cases.

Mayroon din kaming pinaplano ho na maglagay ng isang modular hospital for moderate cases, ito naman ay nasa QI or sa Quezon Institute, malawak kasi iyong lugar ng QI lalagyan po namin ng 110 isolation rooms na modular type, ito ay gagawin ng DPWH, ang plano po nandoon na. It is capable of handling moderate cases kasi mayroon na silang mailagay doon na mga oxygen pipelines. Kung matupad po ito in three months, we will have, we can generate actually 120 beds again for moderate to severe cases in QI.

At saka sa Lung Center of the Philippines po, ito iyong sinasabi namin na iko-convert namin iyong mga isolation rooms, mayroon po silang isolation rooms doon na kailangang ma-convert into an ICU para madagdagan ang number of ICUs that we have.

So, ito iyong mga hakbang namin para ma-strengthen ang hospital capacity habang nasa MECQ. At bilang din—hindi lang ito timeout, kung hindi magbibigay din tayo... itong panahon na ito, is an opportunity and a window for us to make sure na we will be able to respond and be prepared for any eventuality.

**SEC. ROQUE:** Salamat, Dr. Vega. Si Testing Czar Vince Dizon. Ano ang plano ng ating Testing Czar habang tayo po ay naka-MECQ dito sa Metro Manila at karatig na mga probinsiyo?

**SEC. DIZON:** Maraming salamat Spox Harry. Unang-una po, alam naman po natin na napakalaki na po ng itinaas ng ating testing. In fact, sa ngayon ang ating test per day ay umaabot na ng 35,000 per day. Tayo na po ang isa sa pinakamataas sa Asya na nagte-test, halos doble po ng South Korea at ng Japan. Pero kulang pa rin po ito, dahil sa nakikita natin kailangan pa ring maging mas agresibo tayo sa pagte-test natin lalo na sa mga area tulad ng NCR at ng Region IV-A.

Ito ang gagawin natin ngayon, nagpatawag po ng meeting ang ating Chief Implementer kaninang umaga para i-outline po lahat ng kailangang gawin sa mga susunod na araw habang nasa MECQ ang NCR, ang Region IV-A at ang Bulacan.

At ang isa po diyan ay ang aggressive contact tracing at testing na gagawin natin sa mga lockdown barangays. Ito iyong mga barangay sa Metro Manila at sa ibang mga siyudad na malapit sa Metro Manila kung saan mataas na mataas ang mga kaso.

So, sa tulong po ni Mayor Benjie Magalong at ni Usec. Bong Vega at ni Secretary Mark Villar, iyon pong ating Testing, Tracing, iyong ating pag-isolate ng mga positibo at siyempre iyong pag-treat ng ating mga medyo malubha ang magiging sakit ay talagang lalo pa nating gagawing mas aggressive at mas intense sa mga susunod na araw para medyo mapabagal natin ang pagdami ng mga kaso at ma-minimize natin ang mga kababayan nating malubhang magkakasakit dahil sa COVID-19. Salamat po.

**SEC. ROQUE:** Salamat Sec. Dizon. Pumunta na po tayo sa ating open forum, kasama ang mga miyembro ng Malacañang Press Corps. Malacañang Press Corps, pasensiya na po, we are improvising, alam naman po ninyo walang Laging Handa ngayon at wala pong mga nagtatrabaho sa RTVM ngayon, pero kinakailangan ipatuloy po natin ang ating katungkulan na magbigay ng impormasyon sa ating taumbayan.

So, lahat po ng questions ninyo, ipadala po muna kay Usec. Rocky. Anyway, bukas po nandito pa rin kami kay Kuya will at siya po ay nangako na manghihiram daw siya sa GMA ng microwave para bukas po makikita na natin ang ating mga kasama sa Malacañang Press Corps habang sila po ay mga nagtatanong 'no. Sisiguraduhin po iyan ni Joseph Morong, Joseph, pahiram kami ng microwave. Okay, Usec. Rocky?

**USEC. IGNACIO:** Okay, good afternoon, Secretary Roque. Question from Arianne Merez ng ABS-CBN: With the return to MECQ and with over 100,000 COVID-19 cases, are we winning or losing the fight against COVID-19?

**SEC. ROQUE:** Alam po ninyo habang mababa po ang mg namamatay tama po ng ginagawa natin. At tingin ko po papunta tayo sa tamang direksiyon at tayo ay nag-MECQ dahil ang MECQ kagaya nga po ng sinabi ng ating mga modelers, mathematics modelers ito po ay garantisadong pamamaraan para mapababa po natin iyong Ro (Pronounced as R-naught) na tinatawag, iyong reproduction rate ng sakit at saka mapahaba po iyong case doubling rate.

Meanwhile po, nanatili naman pong 1 to 2% po ang tinatawag nating severe o critical cases at ang ginagawa po ng gobyerno, sa pamamagitan ngayon ng ating Treatment Czar, ay gumagawa nga po tayo ng mga additional bed capacity for isolation, additional hospital capacity at ang pinakaimportante, additional ICU bed capacity.

Having said this, si Chief implementer as Chief Implementer, are we winning the war po? Iyan po ang tanong, Secretary Galvez.

Naku, wala na yatang koneksiyon si Secretary Galvez. What about Usec. Vergeire? So next question, please.

**USEC. IGNACIO:** Secretary nandiyan na po si Usec, Vergeire sumagot po, Secretary. Can we have Usec. Vergeire, please?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, sir. Tama po ang pagkakasabi po ni Secretary Roque na tayo naman po ay ginagawa po natin ang lahat para atin pong mabigyan ng tugon ito pong tumataas na mga kaso dito po sa mga piling lugar dito sa atin sa Pilipinas. Makikita po natin na tayo po ay nakapag-establish ng One Hospital Command kung saan inaayos po natin to better manage iyong access po ng mga pasyente sa ating mga ospital. Nagdadagdag po ng mga karagdagang beds, both public and private, for us to further expand our capacity, kasama na rin po ang pagha-hire ng additional healthcare workers para po magkaroon ng karelyebo ang ating mga healthcare workers sa ngayon.

Pangalawa po, nag-expand po tayo ng testing protocols. Also, nandiyan na po pati asymptomatic na high risk ay naiti-test na rin po natin at mayroon na po tayo sa ngayon na over 95 na laboratories na lisensyado na rin and almost 30,000 a day na rin po ang ating nati-test per day.

So, ang pangatlo po, iyon po iyong sinasabi natin na ito po iyong Code Teams na bababa para po masubaybayan, mabigyan ng guidance at matulungan ang ating mga local governments so that we can have an effective lockdown and when we do effective lockdowns, we need to do the trace, test and isolate po. So lahat po ng iyan ay hinahanda para po mayroon tayong link with all of these interventions and we can appropriately manage the situation.

So, kung sinasabi po, tinatanong po kung tayo po ay nananalo, tayo po ay nagma-manage at tayo po ay pini-prepare ang ating system para po tayo ay maka-accommodate pa ng mas maraming pasyente kung saka-sakali and therefore we can appropriately address the situation.

**SEC. ROQUE:** Sec. Galvez, would you like to add?

**SEC. GALVEZ:** Doon sa tanong na kung tayo ay nananalo o hindi doon sa ating fight, ang ano po natin is we are on the critical phase on our management of the crisis. Nakita natin na talagang nagbago ang behavior ng virus at nakita natin nagging mas ano ang reproduction niya. And even iyong other countries are really groping for answers, dahil kasi iyong mga dating nakita natin na bumalik na sa new normal like for example Australia and even Vietnam, nakita natin talagang nagkaroon sila ng restriction, again they go back to some lockdowns at nakikita natin talaga iyong ano na tama ang ating mahal na Presidente na talagang hanggang walang vaccine talagang walang kalunasan iyong nangyayari dito ngayon. Ang inaano natin is

how to manage especially iyong deaths at saka how to manage iyong tinatawag nating mga recoveries.

That is why ang ginagawa po natin ay iyong mga major therapies na nakita natin na naka-save ng lives ay bumibili na po tayo ng mga gamot like for example iyong Remdesivir at iyong mga tinatawag nating mga cannulas, high flow nasal cannula ay nag-iimbak na rin po tayo. At ito pong mga different therapies po nito, ito po ay ating ginagawa para iyong ating mga critical at severe cases ay ma-manage na properly.

Nakita natin na ang ibang mga countries even though tumataas ang kanilang mga kaso, ang kanilang pinagbibigyan talaga ng tuon on how to manage iyong tinatawag nating critical care treatment sa mga patients natin. At nakikita po natin ngayon, iyon ang pinakamahalaga dahil kasi, lahat ng mga bansa, nag-open ng economy. So, once na we have reopen our economy, mayroon tayong mga movement, it is expected na talagang tataas iyong mga kaso. At the same time vigorous ang ating tracing at saka testing.

So the other country said that talagang tataas ang kaso, because the purpose of testing and expanded and targeted testing will really increase the cases considering that tinatamaan natin, nahuhuli natin iyong mga tinatawag na unseen carriers. May magandang ano po tayo doon, dahil kasi nade-detect po natin nang maaga at maaga po nating nati-treat at naa-isolate.

So, sa akin po panawagan lang po sa ating mga mamamayan na huwag po tayong mabahala kung tumataas po iyong ating mga kaso. Dahil kasi talaga pong nakikita po natin, nag-iiba po ang ihip ng direksiyon at saka iyong dynamics ng virus. Dahil iyong ibang malalaking countries like US and Europe is also looking for answers. That is why kung titingnan natin mas maganda ang sitwasyon natin ngayon, dahil kasi mas mababa ang ating mga critical cases at severe cases, only 1%. And also maganda ang ating treatment na kakaunti ang ating mga namamatay.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, ang susunod po na tanong ni Arianne: Will the government provide any aid to those in areas that will return to MECQ?

**SEC. ROQUE:** Isasama po siguro iyan sa Bayanihan 2, dahil iyong unang ayudang pong ipinamigay po natin ay sang-ayon po sa batas. Sang-ayon po sa Saligang Batas, hindi po pupuwedeng gastusin ang kaban ng taumbayan nang walang batas po na ipinapasa ang Kongreso. Pero sigurado naman po ako ang ating mga lokal na pamahalaan ay handa rin pong tumulong sa ngayon.

**USEC. IGNACIO:** Third question po niya: How will the government use the MECQ period to improve or change its COVID-19 response strategy?

**SEC. ROQUE:** Well, I think nasagot na po iyan ni USec. Vergeire, isa-summarize ko lang po at saka ni Chief Galvez.

Habang tayo po ay nasa MECQ, unang-una, pagpapahingahin po natin iyong mga frontliners, tayo po ay kukuha ng mga magtatrabaho para sila'y makapagpahinga. Galing po ito sa mga areas na mababa po ang mga kaso ng COVID sa labas po ng Metro Manila at iyong apat na probinsiya ng IV-A.

Paiigtingin po natin iyong T3. Nandiyan pa rin po iyong mga localized lockdowns bagamat nasa MECQ na po tayo, tawagin na lang siguro nating hard lockdown iyan at habang naka-hard lockdown, ay iyong mga areas na iyan paiigtingin po natin ang testing, ang ating tracing at ang ating treatment habang tayo po ay naghahanda rin ng additional isolation facilities.

Importante rin po na ipatupad natin ang Oplan Kalingan dahil kinakailangan po lahat ng asymptomatic, lahat ng mga mild cases na walang sariling kuwarto, walang kama, ay manatili po sa ating mga isolation centers either iyong maintained po ng national government, We Heal as One or iyong mga Ligas Centers na pinatatakbo po ng mga lokal na mga pamahalaan.

At at the same time, ang ating Treatment Czar po ay gumagawa ng hakbang para mapadami po ang ating hospital bed capacity para sa COVID at ang prayoridad po ngayon ay magdagdag po ng mga ICU beds para po maibsan o mapaghandaan din iyong mga nagkakasakit nang malala.

**USEC. IGNACIO:** Ang susunod hong tanong ay mula Celerina Monte ng Manila—

**SEC. ROQUE:** Bago ko sagutin ang question ninyo, kasama rin po natin—USEC.? USEC.? Bago po tayo magpatuloy sa open forum, sasamahan po tayo ngayon ni Philippine Medical Association President Jose Santiago.

So, Dr. Santiago, magandang umaga po. Narinig po kayo ng ating Presidente. Binigyan po nila kayo ng pagkakataon, ng timeout na hiningi ninyo. Ano pong mga hakbang ang gagawin ng ating mga doktor sa ilalim ng Philippine Medical Association habang tayo po ay nasa ilalim ng MECQ sa susunod na dalawang linggo?

**DR. SANTIAGO:** Magandang tanghali, Sec. Roque. Salamat sa pagbibigay ng imbitasyon na ito para makasali kami sa inyong discussion.

Unang-una, nagpapasalamat ako sa ating Pangulong Rodrigo Duterte sa pagbibigay sa ating kahilingan, sa ating appeal na mag-revert back to Enhanced Community Quarantine o ito ngayong ibinigay nila na Modified Enhanced Community Quarantine, ito ay malaking bagay – itong two weeks, although it's very short but it's very long for us since we're going to take a lead time for us to really slow down the transmission of virus. And this is what we want to really achieve in the next 14 days and beyond. As I said, this is part of our small preparation for today but it will be, of course, used in the future or tomorrow. So, our action today will also be used for tomorrow.

And of course, nabanggit kanina ni Dr. Vergeire, of course, si Sec. Carlito Galvez, kami po ay—aming ire-reiterate po, kami po ay sasabihin ninyong part of the team of this COVID-19 strategy. Hindi po kami—we are one in your endeavors in this fight against COVID-19. Don't be misled, we are not part of—definitely, right from the start even this COVID-19 or pandemic crisis we are part of the team of DOH.

And happy to be—of course, to continue this kind of relationship with Philippine Medical Association and rest assured that our medical community is really trying to collaborate or expand the collaboration with the DOH, IATF. Kaya po ito'y nililinaw na po namin, wala po kaming ibang iniisip po kung hindi makatulong at makipag-collaborate po sa DOH, IATF. Ito po ay ang aming pangako sa inyo na kami po ay tutulong sa anumang hakbangin ninyo.

I'm sure na-address na po lahat iyong nabanggit kanina, ako po'y nakikinig, na sa amin pong mga isinulat po Pangulong Duterte. Iyon pong inadequacy ng healthcare workers, iyong transportation safety, workplace safety, and of course iyong social amelioration, iyong contact tracing, of course, iyong ating case management of patients, Ito'y... I think na-address ito.

And I think ito na lang po ang gagawin natin na we can work together and of course, stay united so that we can really fight and defeat this COVID-19 and rest assured that the PMA and other component societies or medical societies are with DOH, IATF in this fight against COVID-19.

So, kami po ay nandito sa inyo at handa pong maglingkod ang mga manggagamot kaya po ang sasabihin ko lang sa inyo, ang Filipinong manggagamot ay makabayan po at maka-Diyos at mapaglingkod din po sa bayan, Sec. Roque.

**SEC. ROQUE:** Salamat, Dr. Santiago.

The next question, USec. Rocky, please.

**USEC. IGNACIO:** Sir, unahin ko na po itong tanong mula kay Rose Novenario of Hataw. Question for Spox: Saan po daw nakuha ni Presidente Duterte ang idea na nananawagan ng rebolusyon ang health workers samantalang ang apela nila ay isailalim lang sa ECQ ang Mega Manila? Ganoon din po ang tanong ni Pia Gutierrez ng ABS-CBN. Ang sabi niya po dito: Iyong Les Misarables song was sung by critics of the government as part of their SONA protest and not by medical workers?

**SEC. ROQUE:** Okay. Sasagutin ko lang po ito dahil talaga naming nasabi iyan ng Presidente. Ang konteksto po kasi unang-una, iyong liham ng ating mga frontliners, nauna po ang release nila sa media at sa publiko bago pa po matanggap ng ating Presidente iyong kanilang liham. Kaya malinaw po ang sinabi ng Presidente, hindi naman kinakailangan na magkaroon ng splash. Kumbaga, sana binigyan naman siya ng pagkakataon na sagutin iyong liham bago sila



nagkaroon ng publicity dahil ang naobserbahan natin, talagang nauna pa iyong webinar bago doon sa pagtanggap ng liham ng Presidente.

At kayo namang nasa media, mabibigyan ninyo ng ebidensiya na one day even before the event, naka-ikot na iyong media advisory at nandoon na mismo iyong liham kay Presidente 'no. So, may mga nakapansin din na mayroon na tayong sagot bago pa matapos ang webinar ng mga doctor, eh kasi nga po lahat ng tao alam na iyong liham ng mga frontliners addressed kay President, ang hindi lang po nakakaalam ng liham ay si Presidente mismo. So, hindi ko po alam kung bakit nangyari iyon pero hayaan na po natin iyan dahil ang Presidente naman pinagbigyan kung anong gustong mangyari ng frontliners.

Pangalawa po, ang konteksto po na lumabas ito ay sunod-sunod po kasi iyong pagtawag po ni Sen. Drilon na failure ang IATF, sinusugan po iyan ni VP Leni Robredo kasabay po iyang kumakalat na revolution song. So, ang Presidente po, sabi niya, kung talaga iyong mga nanggugulo, iyong mga nais magsamantala sa pandemic na gusto siyang palitan through a revolution, sige na po, gawin na natin ngayon.

Inuulit ko lang naman po ang mga salita ng Presidente. Wala na pong drama iyan, huwag na tayong sumakay dito sa pandemya na wala namang gustong mangyari, mag-rebolusyon na kung gusto po nila. Inuulit ko lang naman po ang sinabi ni Presidente. Iyan na po iyong aking sagot sa lahat ng ganiyang katanungan para masagot natin iyong ibang mga tanong.

USec. Rocky, next question, please.

**USEC. IGNACIO:** From Celerina Monte ng Manila Shimbun: If private construction daw ay allowed in areas under MECQ? Just to refresh the public, ano-ano daw pong industries allowed under MECQ or ano iyong may limitasyon po?

**SEC. ROQUE:** Binasa ko po, napakahaba po niyan pero ilalagay po natin muli iyan sa ating page. Pero in answer, ang mga private construction po, allowed under MECQ except iyong mga small scale construction projects po.

Next question, please.

**USEC. IGNACIO:** Ang susunod pong tanong mula kay Einjhel Ronquillo ng DZXL–RMN: Paano po makakatiyak ang publiko na hindi naman nakakalula ang singil ng Meralco ngayong MECQ? Baka daw po kasi ikatwiran na naman nila na hindi sila makakapag-meter reading dahil ang susunod na meter reading ay August 13 na pasok pa sa MECQ. Baka daw po paglabas ng electric bill natin sobra-sobrang taas na naman dahil sa estimated bill. Paano po matitiyak ng Palasyo na hindi na ito mauulit at maabuso ng mga distribution utilities?

**SEC. ROQUE:** Hindi na po siguro mauulit iyan, dahil hindi naman sila nakalusot noong unang pagkakataon. Sinita po sila ng ERC at inorderan po sila na mag-refund doon sa napakataas na singil nila sa ating mga kababayan.

**USEC. IGNACIO:** Question from Genalyn Kabling from Manila Bulletin. Please elaborate on the President's three deadline to City council to pass a certain ordinance. Is this related to the hastening of the process of Telco permits.

**SEC. ROQUE:** Ito po ay may kinalaman doon nga sa kanyang reklamo na kinakailangan talagang mapabuti iyong ating cellular service. At noong kinausap po niya ang representante ng industriya sa pamamagitan ni Mr. Ernest Cu ng Globe eh naiintindihan niya na isa sa problema ay iyong tagal ng pagbibigay ng mga permits para makatayo sila ng mga towers 'no. Dahil may mga pagkakataon kinakailangan ng resolution galing sa mga councils, municipal ang city na hindi dumarating. So panawagan po sa lahat ng mga konseho sa buong Pilipinas kung kayo naman po ay hindi kasama sa MECQ, kinakailangan po aktuhan lahat ng mga application ng telecoms company at iba pang mga kumpanya within three days dahil mayroon naman po tayong batas diyan iyong anti-red tape law.

**USEC. IGNACIO:** Second question po niya, are all government quarantine, isolation centers already filled up with COVID patients. Did the hospital heed the government's appeal to allocate more COVID bed capacity. How soon will the government resort to expropriating hotels to convert them into health facilities?

**SEC. ROQUE:** Well, I will allow Usec. Bong to answer that. Pero ngayon pa lang po ay mayroon na tayong mga 1,000 hotel rooms na ginagamit para maging isolation centers para sa asymptomatic at mga mild. So, Usec. Vega would you like to answer kung puno na po iyong ating mga isolation centers?

If it not Usec. Vega, Secretary Galvez or Secretary Dizon.

**USEC. VEGA:** Ang pagka-alam ko po ang TTMF ngayon, mataas na po iyong occupancy rate niya umaabot na rin yata sa 80 to 85 % kaya ho, nakipag-alliance na po kami sa Department of Tourism para i-commander iyong ibang mga hotels. Mayroon na po sigurong mga 2,000 beds or isolation beds na nakuha namin for the -sa mga hotels na ginagamit ngayon ng mga asymptomatic at saka mild cases. Ito po si Sec. Vince para magbigay ng ibang updates.

**SEC. DIZON:** Opo, tama po si Usec. Bong. Mayroon na po tayong mga mahigit 2,000 hotel rooms na ginagamit ngayon dito sa NCR at mga katabing mga cities lalo na sa Cavite na ginagamit na ng ating mga LGUs. At tuluy-tuloy pa rin po ito dahil nga isa sa mga napakaimportanteng kailangang gawin is iyong ma-isolate natin ang mga positibong mga pasyente na asymptomatic, ito po iyong mga kababayan natin na nahawa, pero wala naman masyadong nararamdamang sakit.

Kaya nga importanteng-importante ito dahil isa itong paraan para hindi masyadong mapuno at ma-overwhelm ang ating hospital at ang ating mga healthcare workers. So, tuluy-tuloy pa rin po ito, magi-expand pa po tayo, magdadagdag pa po tayo sa lahat ng mga MECQ areas sa mga darating na araw.

**USEC. IGNACIO:** From Aiko Miguel ng UNTV. May data and info and DOH to determine saan talaga nanggagaling ang maraming transmission when the government opened businesses aside from restaurants, since mag-resume po ang dine-in services?

**SEC. ROQUE:** Usec. Vergeire, may data daw po ba tayo kung saan talaga ang pinakamataas iyong pinanggagalingan ng COVID infection?

**USEC. VERGEIRE:** Mayroon po tayong mga datos ngayon ano na nakapagpakita kung saan po nangyayari ang mga clustering of cases natin dito sa ating bansa and even here in the National Capital Region where there is an increase in the number of cases. Ito pong mga clusters na mayroon po tayo ngayon, makikita po natin nasa—gusto po muna nating i-define what are the cluster is. Ito po iyong dalawa o mahigit pa na positive individuals sa isang household o dalawa o mahigit pa sa isang barangay o di kaya dalawang barangay sa isang munisipyo and so on and forth. Isipin po natin na iyong mga clusters na ito, mayroon po tayong 887 clusters ngayon sa buong bansa, kung saan 741 po ang komunidad sa mga nagkakaroon ng clusters.

Aside from that, mayroon po tayo of course iyong sa jail, sa mga ospital or health facilities at sa work places po mayroon din tayong kaunti pero makikita po natin iyong mataas na porsyento na nangyayari po talaga ang clustering sa ating mga community.

**USEC. IGNACIO:** Ano daw po ng reaksiyon ng DOH sa UP Opta research statement that we will be able to flatten the curve, if ECQ is again implemented ng one month. Given na ang MECQ po ay pinapayagan po for 15 days, enough po ba daw ito to prevent further transmission?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, Secretary actually, ito pong dalawang linggo na hiniling ng ating mga kasama sa mga medical society is not really to flatten the curve, ito po ay para lang po magkaroon ng breather at makapag-reorganize at re-strategized tayo at mas mapaingting natin iyong mga ginagawa natin. Katulad po ng sabi ko kanina, with these two weeks, we will use it well, bababa po tayo sa mga Local Government Units kung sana talaga nangyayari ang ating mga infection or transmission at bibigyan natin sila ng guidance. Ipatatupad po natin at bibigyan sila ng mga interventions para po masagawa nila itong effective na lockdowns, magawa nila iyong effective na treatment, tracing, testing and isolating. So, lahat ng ito po ay gagawin para masuportahan ang ating mga localities so that we can somehow contained the transmission. Hindi po natin masasabi if we can contained the transmission in two weeks. We don't see that happening actually, pero ang magagawa naman po natin mauumpisahan po natin itong mas pinaigting na response para po mas manage po natin ang mga kaso sa mga darating na panahon.

**SEC. ROQUE:** Pareho po ng tanong si Rosalie Coz ng UNTV at si Triciah Terrada ng CNN Philippines. Ano daw po iyong advise sa public, since marami na naman po ang mga kababayan natin natataranta at nagho-hoard ng mga supply sa groceries. Sabi rin in Triciah Terrada, may

report daw po ng cases of panic buying. Maybe daw po, Secretary Roque, can issue a message to the public to reiterate the availability of essential services?

**USEC. IGNACIO:** Well, mga kababayan, wala pong dahilan para tayo ay mag-panic buying. Unang-una itong pagsara po natin muli ito ay katugunan po natin doon sa kahilingan ng mga frontliners na kinakailangan lang nila ng break. Ibig sabihin po wala talaga tayong planong mag-lockdown, ang ating supply po ay napakataas, ng ating supply po ay na-deliver na po sa mga supermarkets, anticipating na mas mataas po talaga ang demand. So mas marami po talagang stocks ang ating mga supermarkets.

So, huwag po kayong mag-alala, kung natuloy po ang orihinal na plano eh localized lockdown lang po dapat ang nangyayari, so handa po iyong ating mga supermarkets at mga ibang nagbebenta para sa mas malaking demand. So hinay-hinay lang po, no need to panic, this is primarily to accede to the demand of the frontliners for a break, for timeout at pagsasamantalahan lang po ng gobyerno iyong timeout para mas mapaingting pa po iyong ating testing, tracing and treatment.

Ang susunod pong tanong ay kay Triciah Terada: Now that we're back under MECQ, how will this affect daw po iyong flight under MECQ or air travel, Secretary, kung domestic flights are suspended?

**SEC. ROQUE:** Suspended po ang domestic travel dito sa Metro Manila ngayon, bagama't bukas naman po ang Clark at ang international flights tuloy pa rin naman po dahil hindi naman po natin sinasarado ang borders natin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Iyong second na tanong—ito po iyong tanong ni Triciah Terada una: The President is not pleased with healthworkers publicly expressing their sentiments. There are mixed reaction daw po about this but the point sir is how come the Health Department or the Task Force didn't see this reality on the ground because if we will look at the data and previous pronouncements, we barely heard these concerns. Why does the Health Department seem out of touch with frontliners? Where's DOH in this?

**SEC. ROQUE:** Usec. Vergeire...

**USEC. VERGEIRE:** Yes, sir. Actually, hindi naman tayo po out of touch 'no, we are in constant dialogue naman with specific societies; katulong din po natin iyong ibang mga miyembro nitong mga societies sa ating mga technical advisory group experts sa DOH. Tayo po ay nadidinig po natin sila and in fact ang DOH po, mayroon din ho kaming ospital at nandiyan din po iyong mga doktor na iyan na members din po sila ng societies at naririnig po namin sila at nagbibigay po sila ng kanilang mga hinanaing din sa amin.

Kaya nga po nagkaroon tayo ng mga iba't-ibang mga interventions katulad po ng mga emergency hiring, katulad po ng pagpapalawak o pagpapa-expand ng ibang units of the hospitals kasi po nakikita ho nating nahihirapan na po sila. Tayo po ay bukas - ang Kagawaran,

dito po sa mga ganitong mga rekomendasyon at hinanaing, kinakausap po natin sila. Nagkaroon lang po ng ganitong, siguro issue dahil nagkasama-sama sila pero ngayon naman po tinutugunan po natin at tayo po ay handang tumulong sa kanila.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ang susunod pong tanong ni Triciah Terada, Secretary Roque: The President said, government no longer has money. Just to clarify po, ibig sabihin po ba wala nang ayuda para sa mga poorest of the poor for this round of MECQ? Na-accomplish na po ba ng DSWD ang pamamahagi ng second round ng SAP?

**SEC. ROQUE:** Well, hindi pa po 100% ang second tranche bagama't majority po na-release na nila iyong second tranche. Pero nasagot ko na rin po iyan kanina, Congress will have to appropriate funds para po dito sa third ayuda na ibibigay natin sa Metro Manila at sa apat na probinsiya ng Region IV-A, kasama po ang Bulacan. Pero sa panandalian po, titingnan po natin kung anong kakayahan ng DSWD, magbigay ng kahit kakaunting ayuda dito sa mga lugar na ito at inaasahan din natin na magbibigay din ng kahit papaanong ayuda ang mga local government units.

Nais ko lang pong ipagbigay-alam din sa lahat na bago naman po nag-decide na mag-MECQ, nagkaroon din po ng consultation with the Metro Manila Mayors at alam naman po lahat talaga ang limitasyon natin pagdating sa pondo. Pero handa naman po ang lahat na talagang—to look for the funds that we can still find, dahil alam naman po natin na habang naka-MECQ tayo, karamihan ng ating mga kababayan ay hindi po makakapagtrabaho.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Ang third question po ni Triciah: How are we going to make sure that healthworkers will get the benefits unlike daw po before na kailangan pang ipaalala ang benepisyong para sa mga pamilya ng namatay na health workers? What systems are going to be in place because for sure wala pong time ang health workers to even follow up? When will this begin?

**SEC. ROQUE:** Well unang-una po, kinakailangan nga po nating isama iyan sa Bayanihan II at mayroon pa pong pagkakataon kasi hindi pa naman tapos po iyong proceedings sa Bayanihan II diyan po sa Mababang Kapulungan. Kapag iyan po ay naisabatas, the President as Chief Implementer and executioner of the laws, will ensure na maibibigay po iyan sa health workers kagaya noong ginawa niya noong nalaman niya na iyong mga health benefits sa mga nagkasakit nang malala at saka iyong mga namatay ay hindi pa lahat nabibigay.

Or we will use the full powers of the Office of the President to make sure na makarating po iyong mga benepisyong iyan sa ating mga frontliners.

**USEC. IGNACIO:** Tanong po ni Julie Aurelio: What prompted the President to scold health workers for going public with their appeal for help? Did he feel offended that the health workers disclosed their recommendations in public and not in private to him?

**SEC. ROQUE:** Nasagot ko na po iyan. Ang tanong din po ng marami siguro, kung susulat sila sa Presidente, sana pinagbigyan po nila ang Presidenteng sumagot sa kanilang liham bago isinapubliko. Pero walang issue naman po iyon, nilabas lang ni Presidente iyong saloobin niya, binigay rin po niya ang hinihingi ng ating mga frontliners.

**USEC. IGNACIO:** Iyong sunod pong tanong ay mula kay Mark Fetalco ng PTV pero nasagot na po ni Usec. Vergeire, about iyong 2 weeks na pagbabalik sa MECQ sa Metro Manila kung makaka-flatten po ng curve. Tanong po ni Joseph Morong: The decision to revert to MECQ, is it an admission of failure on the part of government?

**SEC. ROQUE:** Hindi po. In fact kung titingnan ninyo ang datos, iyong case doubling rate natin ay almost 9 days at hindi po iyan nagku-qualify for MECQ. Mayroon po tayong pagsubok doon sa ating critical care capacity pero hindi pa naman po fully utilized iyan kasi iyong mga numero na nailabas po natin, earlier ng DOH ay nakabase po sa 20% bed COVID allocation para sa mga pribadong ospital at saka 30% para sa mga pampublikong ospital. At ang ginagawa po ngayon ni Usec. Bong Vega ay tinataas po nga iyan to 50% sa government hospitals at 30% po sa private hospitals.

Ibig sabihin po, we were within the criteria para magkaroon po ng GCQ at ang initial strategy was to resort to localized lockdown and intensified testing, tracing and treatment. Pero siyempre po nagsalita ang mga frontliners at ang sabi nga ni Presidente, ang giyerang ito ay laban sa sakit. Eh sinong mapapadala niya sa giyera kung hindi ang mga frontliners, so kinakailangan pakinggan at pagbigyan ang ating mga frontliners.

Secretary Galvez... Baka may idadagdag po si Secretary Galvez.

**SEC. GALVEZ:** Opo. Hindi po iyon pag-amin ang ano po natin. Ang ano po natin is nakikita po natin na ang ating gobyerno is a listening government. So may mga tinatawag tayong mga hinaing ng ating healthworkers at pinakinggan po natin iyon. At tiningnan din po natin na sa datos kasi medyo talagang dumudoble iyong kaso, so we have to ano, tinatawag nating reconstitute.

Actually po, kasama po iyan sa ating plano sa National Action Plan. Kung i-ano po natin, ang ginagamit po nating theory is iyong 'hammer and dance' theory. Kapag po medyo tumataas po iyong mga kaso, ang gagawin po natin iyong hammer – meaning iyong hammer, ito po iyong mga tinatawag nating restriction at saka iyong mga lockdown.

Ginawa na rin po natin ito sa Cebu, nakita po natin na tumaas ang kaso ng Cebu kaya binalik natin siya sa ECQ for almost one month, from GCQ to ECQ. And then now nag-ano siya, transition siya ng MECQ and then now nasa GCQ na po siya. Ibig sabihin, tinitingnan po natin ang ating—niri-recalibrate po natin at niri-reconstitute po natin ang ating mga plano kasi po iyong plano natin, it is a rolling plan; it is a crisis action plan. Iyong plano po, iba po iyong plano na sinasabi natin, mga development plan. Iyong crisis management plan is a rolling plan, kapag

may nakita tayo na medyo nakikita natin na medyo mayroong hindi nama-manage, kailangan medyo mag-fallback tayo nang konti at ating isaayos.

Sa ngayon po, gagamitin natin iyong 15 days na iyon para mai-recalibrate po natin ang ating strategy. So that, nakikita po namin kasi isa sa pinagmumulan ng mga tinatawag nating transmission in new cases ay galing po sa mga workplace. So ngayon, makikipag-usap po kami kay DTI Secretary Ramon Lopez para at least mapalakas mismo iyong tinatawag nating minimum health standard sa workplace.

At nakikita po nga natin ngayon, tinatawag po namin ang mga Director ng St. Lukes at saka ng PGH, nagbago ang trend ngayon, ngayong mga pasyente, hindi na isa sa pamilya kundi pami-pamilya na. Meaning iyong transmission ngayon ay nagkakaroon sa workplace at saka iyong tinatawag nating family celebration.

Sa Nueva Ecija, zero ang COVID doon. Dahil po nag-imbita ang pamilya sa Manila, nagkaroon ng family reunion, sisenta ang naging contaminated.

So meaning, iyong mass gathering at saka iyong workplace and also some family gatherings, ito pinagmumulan ng mga tinatawag nating new transmission.

So dapat mag re-calibrate tayo, tingnan natin bakit, ano ba pagkakamali natin doon sa minimum health standard, paano natin itataas, paano natin ibibigay ang tinatawag nating pagpantindi sa ating mga kababayan na pinakaimportante sa lahat ang observation ng social distancing, face mask at saka iyong tinatawag na wearing of mask at saka face shields at saka iyong tinatawag nating personal hygiene.

**SEC. GALVEZ:** [CONT] So iyon po, kaya po iyong ano, inaano po natin ngayon, kina-calibrate po natin ngayon ang ating mga plano na bigyan ng tuon ang prevention, ang detection at saka iyong isolation phase natin po.

**SEC. ROQUE:** Okay. Lilinawin ko lang kay Joseph Morong, hindi po American Home iyong pinapahiram namin sa inyo. It's a microwave po para maka-connect tayo on Skype. At alam ko naman Joseph Morong, napakalakas mo kay Atty. Gozon, sana bukas magkita-kita na tayo on Skype. Kayang-kaya mo iyan, I have full faith in you. Pahiram ng microwave [laughs].

**USEC. IGNACIO:** Yeah, Secretary. Iyong susunod pong tanong, tanong po ni Joseph Morong: Are we re-imposing 'liquor ban' and what are the mechanics daw po for work and quarantine passes?

**SEC. ROQUE:** Ano iyong unang question niya, liquor ban?

**USEC. IGNACIO:** Opo.

**SEC. ROQUE:** Well, ang liquor ban po talaga, lokal na pamahalaan po ang nag-i-impose niyan ‘no. So iyan po ay imposed on the basis of ordinances ‘no. Ang alam ko pong mayroong liquor ban ngayon ay ang Makati ‘no pero iyong mga iba po ay nag-lift ng liquor ban noong tayo po ay nag-GCQ. So magiging desisyon po iyan ng mga lokal na pamahalaan.

Iyong procedure naman po, pag-issue ng mga quarantine passes, alam na po ng mga local government units kung anong gagawin diyan. Iyong quarantine passes po dalawa lang kada pamilya at iyong mga work permits naman po, pupuwede pong mag-issue ang mga local government units din po niyan pero na-include po iyan kasi ang assumption natin, ng IATF ay wala pong MECQ ‘no, iyong—that was initially for localized lockdowns na GCQ ‘no.

So I think for now, importante ipakita iyong kanilang ID at iyong ID naman po nila ay magpapatunay kung sila ay nagtatrabaho sa industriya na pinapayagang mag-operate under MECQ.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong naman po mula kay Maricel Halili: Will the government, issue new quarantine passes? Under MECQ guidelines, public transportations are not allowed. Will there be any changes? Does this include tricycle and motorcycle back riding?

**SEC. ROQUE:** Ulitin ko po, wala pong back riding ngayon sa motor, isahan lang po sa motor ‘no. Wala pong public transportation but hinihikayat po ng LTFRB na umupa ang mga kumpanya ng mga jeepneys, ng mga bus para gamitin pong mga shuttle services po ito para sa kanilang mga empleyado.

At kung whether or not, mag-i-issue pa ng bagong quarantine passes, mayroon naman pong na-issue na iyan ‘no dati pa ‘no. Kung kinakailangan po, kung nawala na, siguro pupuwedeng mapalitan.

**USEC. IGNACIO:** Pahabol po ni Julie Aurelio: Are the IATF passes for APORs issued last March still valid? This expired daw nga po last June.

**SEC. ROQUE:** Well for now, iyan po muna ang gagamitin ‘no until magkaroon ng desisyon ang local government unit kung mag-i-issue sila ng bago o hindi kasi pati po doon sa mga IATF, mayroon din po iyang expiration pero nagkaroon po ng pagpupulong ang IATF na nagdesisyon sila, iyong mga IATF passes po eh wala na munang expiration habang mayroon tayong state of medical emergency.

**USEC. IGNACIO:** Ang second question ni Maricel Halili ay nasagot ninyo na: What made the President mentioned the revolution remark on medical workers but why did he proceed that frontliners’ message demeaning to the government.

Iyong tanong naman po ni Ace Romero: Just to be sure, was the President referring to healthworkers when he talked about people who are supposedly planning revolution? What



gave him the idea that they are plotting a revolution? Ang second niya pong tanong: Is it wise for the President to scold—

**SEC. ROQUE:** Hiwalay naman po siguro iyan, oo. Iyong mga kritiko po ng gobyerno na kumakanta ng revolutionary song iyong kaniyang ina-address po 'no. Pero siguro po, iyon nga po, iyong timing lang at iyong circumstance nga po na hindi naman napagbigyan ang Presidente na umakto doon sa letter bago po naisapubliko.

Okay? Kung wala na pong ibang tanong, the time is 1:30, talagang hindi na po tayo pupuwedeng magpatuloy.

Nagpapasalamat po ako sa ating mga naging panauhin – Professor Rajit Rye, Prof. David, si Usec. Vergeire, Secretary Galvez, Secretary Vince Dizon and Usec. Bong Vega, and Dr. Santiago of Philippine Medical Association. Nagpapasalamat din po kami kay Kuya Wil Revillame for the use of his studio. Nagpapasalamat po kami sa crew ng GMA at nagpapasalamat din po kami sa skeleton force ng PTV-4. Kung wala po kayo, hindi po nangyari ang ating press briefing ngayong araw na ito.

Bagama't tayo po ay nasa MECQ, kami po ay nagpapatuloy na mag-broadcast ng ating press briefing dahil naniniwala po kami dito sa gobyerno ng Pilipinas na kagaya nga po ng sinabi ng WHO kahapon lamang, magtatagal pa po itong COVID-19. At habang magtatagal pa ang COVID-19, kinakailangan ipatuloy po natin ang pang-araw-araw na buhay, ipatuloy po natin ang pagtupad sa ating mga katungkulan. Whatever it takes, we need to live despite COVID-19.

Gaya po ng aking sinabi, hanggang huling hininga, tayo po ay magpi-press briefing kahit nasa ilalim na po tayo ng puno ng saging.

Magandang hapon po sa inyong lahat, ito po ang inyong Spox. Sa ngalan po ng ating Presidente, President Rodrigo Roa Duterte, keep safe Philippines and we will see you again tomorrow.

###

--

*News and Information Bureau-Data Processing Center*